# 1

"Agnes, ano ka ba? Akyat na tayo. Tama na iyang pagpapaganda mo," ani Erin habang kinakatok ang kaibigan na nasa CR ng office nila. "Tayo na lang naiwan dito."

"'Eto naman, siyempre dapat beautiful ako para mabighani ko 'yong bago nating Sales Director, 'no," anito nang makalabas. "Balita ko kasi guwapo, binata at balik-bayan ang magiging SD natin. And take note pamangkin daw siya ni Mr. Redoblado."

Kapwa sila nagtatrabaho bilang sales staff supervisor sa *Urbanview Suites*, isang four-star hotel sa Quezon City. Dito na niya nakilala at naging kaibigan si Agnes at sa susunod na buwan ay magtatatlong taon na siyang empleyado roon.

Lahat ng staff ay excited at magtitipon sa isa sa kanilang function room sa penthouse ng building. Nang araw kasing iyon pormal na ipapakilala at iwi-welcome ang bagong SD, na hindi pa rin nila alam kung sino, bilang kapalit ni Mr. Jaime De Guzman.

Malubhang inatake sa puso ang huli na siyang dahilan ng biglaan nitong pagreretiro. Kasulukuyan

itong nakaratay sa hospital ngayon.

"Di importante sa akin kung pogi siya o hindi. Basta dalangin ko lang na sana mabait siyang tulad ni Sir Jaime," turan ni Erin.

Nalulungkot siya sa nangyari sa matanda. Mabuti kasi itong boss kahit na minsan ay napapagalitan sila kapag di nila ma-meet ang napakataas nilang quota.

"Ano, puwede na ba tayong umakyat? Dahil nakakahiya kapag nahuli tayo." Umirap sa kanya si Agnes bago siya hinila palabas ng office na tila ba siya pa itong nagpapaantay.

Agad silang sumakay ng elevator. Ang twelve-storey hotel nila ay may one hundred fifty fully air-conditioned guestrooms. Pagmamay-ari ito ng magkaibigang business magnates na sina Mr. Pablo Redoblado at Mr. Juan Santos. Mag-aanim na taon pa lang ang kompanya pero isa na itong maituturing na pangunahing hotel sa Manila.

Lean season ngayon pero marami pa rin silang guests sa kadahilanang marami ang nagagandahan at satisfied na customers sa service nila. Bukod pa roon ay accessible ito sa mga commercial businesses, malls, gimik venues at government agencies.

Nandoon na halos lahat ng empleyado pagdating nila. Present din si Mr. Santos na nakaupo sa harap, katabi ang misteryosong new member ng hotel. Kausap naman ni Mr. Redoblado si Mr. Harold Mitchell, ang masungit nilang General Manager na isang Amerikano.

Naupo sila ni Agnes sa gawing likuran. Kandahaba ang leeg ni Agnes sa pagtanaw sa pagmumukha ng bagong director.

"Oy, puwede ba 'antayin mo na lang nang kaunti dahil pupunta naman iyan sa harap," saway ni Erin.

"Naku side view pa lang, ulam na. Mukhang totoo ang balitang guwapo iyang si Mr. Villacruz."

Imbis na matawa ay biglang natilihan si Erin sa biro ng kaibigan. "Ano 'ika mo? Kilala mo kung sino si SD?" tanong niya na biglang kinabahan sa narinig na apelyidong nabanggit ni Agnes.

"Oo! Sorry di ko nasabi sa 'yo. Binulong lang sa akin ni Dahlia kanina," tukoy nito sa chef cook nila. "Hindi ko lang nakuha ang buong pangalan pero sa narinig ko 'Villacruz' ang apelyido ni Papable SD," sabi nito na hindi inaalis ang tingin sa nakaupong lalaking tinatanaw nito.

Mas lalong tumindi ang kaba ni Erin nang

makumpirmang tama ang narinig niya kanina.

*Imposible!* bulalas ng isip niya. Hindi maaari ang iniisip niya. Mayamaya ay napansin niyang tumayo na sa harap si Mr. Redoblado.

"We regret what happened to Jaime who is still recovering from a heart attack but as they say there is always a reason for everything. Let's just continue praying for his speedy recovery," malungkot na saad ni Mr. Redoblado.

Hindi naman mapakali si Erin sa kanyang kinauupuan na mas lalong lumalakas ang kabog sa dibdib habang tinititigan ang likod ng lalaking hindi niya alam kong bakit nagpapakaba sa kanya nang ganito. Tila kasi pamilyar ang bulto ng katawan nito.

"On a lighter note, today we are gathered here to welcome Jaime's replacement who will officially start working on Monday," patuloy ni Mr. Redoblado. "I'm very pleased to introduce to all of you, our new Sales Director, Mr. Jude Villacruz," may himig pagmamalaking pakilala ng matanda.

Parang bombang sumabog kay Erin ang narinig. Napakapit siya bigla kay Agnes na matunog na pumapalakpak. Feeling niya mahuhulog siya sa kinauupuan.

Ikinurap-kurap ni Erin ang mga mata upang matiyak na hindi siya namamalik-mata sa taong nakikita niyang nakatayo sa harap at matamis na ngumingiti sa lahat. Kanina ayaw niyang i-entertain ang ideya na baka ang magiging bagong boss niya ay ang taong matagal niya nang kilala.

It had been eight years but he still had that impact on her. Ang sabihing guwapo ito ay isang understatement. He was like a Greek god from *Mt. Olympus* although he was only wearing a simple blue faded jeans and a white polo shirt. Walang masyadong nagbago sa anyo nito maliban sa mas naging matikas ang pangangatawan nito na dati nang alaga sa paglalaro ng basketball. Moreno ito at sa taas nitong six feet two inches, ang best feature nito ay ang mapupulang labi at nangungusap na mga mata na di-pumapalya sa pagpapalambot ng tuhod niya. Kaya naman hindi nakapagtatakang pinupukol ito ng mga tinging puno ng paghanga ng mga kababaihan at paninibugho naman sa mga kalalakihan.

Akala niya, hindi na niya ito muli pang makikita. *God, how I miss this man!*

“Thank you for the warm welcome,” anang guwapong lalaki.

"Diyos ko po! Erin, ang guwapo ni SD! Parang artista," kinikilig na komento ni Agnes na hindi pinansin ang pagkatulala niya.

Patuloy na nagsalita si Jude pero wala siya ni isa mang naintindihan sa mga sinabi nito. Pinagsawa lang niya ang mga mata sa pagtitig dito. Gusto niyang tumakbo sa harap at yakapin ito. Hindi pa rin siya makapaniwalang nasa harap na niya ang lalaking laman ng kanyang isip at puso sa mahabang panahon. Masyado niya itong na-miss. Ang best friend niyang matagal nang lihim na itinatangi ng kanyang pusong pihikan. Ang tanging rason kaya sa edad na beinte seis ay hindi pa siya nagkakanobyo.

Panay ang ngiti nito habang nagsasalita showing his cute sole dimple sa kaliwang pisngi na nagpadagdag sa kaguwapuhan nito.

Bigla ay nabahiran ng takot ang kasiyahan ni Erin. Alam kaya ni Jude na rito siya nagtatrabaho? Kakausapin kaya siya nito kapag nalaman nito na isa siya sa staff nito? O baka naman anihin niya ang galit nito?

"I'm looking forward to working with you. Good day and God bless everyone. See you all on Monday," pagtatapos ni Jude.

Masigabong palakpakan ang sumunod. Tuliro si Erin. Wala ni isa mang naintindihan ang babae sa speech ni Jude. Maraming gumugulo sa isipan niya.

---

Pinaiwan ni Mr. Redoblado ang lahat ng sales staff para ma-introduce kay Jude na higit na ikinabahala ni Erin. Hindi pa siya handang harapin ito ngayon pero hindi niya alam kung ano ang idadahilan niya kay Mr. Redoblado.

Saka sa ayaw at gusto niya ay magkikita rin sila eventually ni Jude. Ngunit sana ay sa Lunes na lang para maihanda niya ang sarili at huwag ngayon kaagad.

"Halika na, Erin, para ma-interview na natin si Poging SD. Naku pasalamat siya at may Archie na ako," tukoy nito sa boyfriend. "Hey, okay ka lang ba? Bakit namumutla ka d'yan?" usisa ni Agnes.

"Ah, wala. Medyo sumama lang pakiramdam ko," kaila niya.

Halos hindi maihakbang ni Erin ang mga paa patungo kina Jude. Nauna nang pinakilala ni Mr. Redoblado ang iba nilang kasamahan.

"Eto pa ang dalawa mong angels. Come here,

ladies," nakangiting anyaya ng matanda sa kanila.

Alam niyang pilit ang ngiting namutawi sa kanyang labi. Nangangalog ang mga tuhod niya sa sobrang kaba habang lumalapit sila ni Agnes. Mahigpit niyang hawak sa braso ang kaibigan.

Nahugot niya ang paghinga nang pumihit paharap si Jude at nagtama ang kanilang mga mata. Batid niyang nagulat din ito pagkakita sa kanya pero madali ring nakabawi at hindi man lang kakikitaan ng pagkataranta.

"This is Agnes Santos, your Rooms Sales Supervisor," ani Mr. Redoblado. Mabilis na nakipagkamay si Agnes na masyadong obvious sa paghangang pinupukol sa binata. "And your Banquet Sales Supervisor, Erin Ignacio."

Tila wala sa sariling nakipagkamay si Erin dito habang matiim siya nitong tinititigan. Bigla siyang natauhan sa nabanaag na apoy sa mga mata ng lalaki. Parang napapasong agad niyang binawi ang kamay na mahigpit nitong hawak.

"Welcome to our hotel, Sir," sa wakas ay nasabi niya.

Pakiramdam niya ay nasu-suffocate siya sa tensyong nararamdaman. Itinago niya ang mga

kamay sa likuran dahil nanginginig ang mga ito.

"These people will comprise your team, hijo," sabi ni Mr. Redoblado.

"I'm excited to start working with you, guys. Actually, I believe this will be more exciting than I had thought," he uttered with his dark piercing eyes set on her, making her shiver.

"Well, so much for this. You can now go back to your office. At itong boss n'yo, dadalhin ko muna sa bahay dahil request ni Misis na makita niya itong inaanak namin," pagdi-dismiss sa kanila ni Mr. Redoblado.

---

Ramdam ni Erin ang patuloy na pagtitig ni Jude sa kanya nang tumalikod siya. Ikinailang niya iyon nang husto. Halos liparin niya ang pintuan ng functiom room para makalabas na, at tuluyang makawala sa nagpaparusang tingin nito.

"Hoy, Erin, hintayin mo nga kami," tawag sa kanya ni Agnes. "Bakit ka ba parang nagmamadali diyan? Sinong multo ba ang humahabol sa iyo?"

Pero parang wala siyang narinig at patuloy lang sa mabilis na paglalakad patungong comfort room.

Pagkapasok ay ilang beses siyang nag-inhale-exhale para kalmahin ang sarili sa harap ng salamin.

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo?” tanong ni Agnes na sinundan siya sa CR.

Agad niyang tinakbo ang kaibigan at ni-lock ang pinto. Laking gulat ni Agnes nang bigla niya itong niyakap na parang batang takot na takot.

“Ano ba, Erin? Pinag-aalala mo na ako niyan, ah. Sabihin mo nga sa akin, may problema ka ba?”

Bumitaw siya sa pagkakayakap rito. “Si SD! Siya ’yong kinikuwento ko sa ’yo na dati kong kababata,” makikita sa kanyang expression ang pangamba.

Napamulagat ito sa natuklasan. “Ano? Siya si Jude na best friend mo noon?”

“N’ung mabanggit mo ’yong apelyido niya kanina, kinabahan na ako.” Muli siyang yumakap sa kaibigan. “Ano’ng gagawin ko ngayon, Agnes? Natatakot ako sa maaaring mangyari. Ramdam kong galit pa rin siya sa akin hanggang ngayon.”

Niyakap siya nang mahigpit ni Agnes. Hindi rin ito nagkomento dahil sa pagkabigla sa natuklasan. Alam kasi nito ang kuwento nilang dalawa.

Tatlo silang matalik na magkakaibigan simula pagkabata. Siya, si Charlyn at si Jude. BF ang endearment nila sa isa't isa na short term for 'best friend'. Nakatira kasi sila sa iisang lugar sa Cavite noon at halos magkakatabi lang ang kanilang mga bahay, pagkatapos sa parehong eskuwelahan pa sila pumapasok kaya hindi nakapagtatakang naging malapit sila sa isa't isa. Hanggang mag-college ay magkakasama sila at parehong business administration ang kinuhang kurso. Kapwa mayayamang negosyante ang mga parents nina Charlyn at Jude. Ang ama't ina naman niya ay parehong guro sa isang mababang paaralan sa Cavite.

Si Charlyn ay only child na sosyalera at laging nakapustura subalit hindi maarte. Puwede mo itong pakainin sa mga turo-turo. She was beautiful. May matangos itong ilong, pouty red lips at heart-shaped na mukha. Palagi itong nakukuhang muse sa basketball league noong high-school hanggang mag-college. Almost all of the boys in the campus adored her.

Kabilang na doon si Jude na star player ng varsity basketball team nila. Ito ang parang male counterpart ni Charlyn dahil sikat din ito at lahat halos ng babae pati mga bading ay pinagpapantasyahan ito. Ang

binata ang epitome ng tall, dark and handsome guy.

Siya naman ay laging napagkakamalang tomboy dahil sa kilos at galaw niya. Dagdagan pang palagi siyang naka-jeans at t-shirt lalo na n'ung mag-college sila kasi walang required uniform ang kanilang school. She hated wearing skirts and casual dresses. Sabi nga ng karamihan, she was the exact opposite of Charlyn.

Akala ng lahat tomboy siya. But then she knew even before that she was not. Kasi lihim niyang tinatangi si Jude simula noong mag-first year high school siya, kung saan ay ipinagtanggol siya nito sa mga batang lalaki na pinagtitripan siya. After that event, she started seeing him differently. Sino ba naman ang di mai-in love, eh, halos kasa-kasama niya ito araw-araw? Ang sweet pa nito at napaka-gentleman bukod sa talaga namang napakaguwapo.

Mas close sa kanya ang lalaki dahil marami silang common likes lalo na pagdating sa pagkain. Wala siyang kahina-hinala na bihag din pala ito ng ganda ni Charlyn kaya halos pagsakluban siya ng langit at lupa nang mag-confide ito sa kanya na gusto nito ang kaibigan nila… na matagal na itong may gusto sa dalaga subalit natatakot itong masira ang friendship nito kay Charlyn kaya hindi makaligaw.

Halos madurog ang puso niya sa nalaman. Ngunit martir nga siguro siya dahil nagawa niya pa itong tulungan sa panliligaw kay Charlyn. At sa kanyang eighteenth birthday pa mismo ibinalita ni Jude na sinagot na ito ni Charlyn. Iyon ang pinakamalungkot niyang kaarawan. Bagaman matagal na niyang pinaghandaan ang eksenang iyon, labis pa rin siyang nasaktan. Magdamag niyang iniyakan ang masakit na balita.

A perfect pair. Iyon ang tawag sa dalawa nang malaman ng lahat ang relasyon ng mga ito. Nagplano siyang iwasan ang mga kaibigan dahil hindi biro ang hirap na dinaranas niya tuwing nakikitang naglalambingan ang magkasintahan. At pakiramdam niya, kalabisan na kung bubuntot pa siya sa mga lakad ng mga ito. Subalit hindi siya nagtagumpay sa pag-iwas kaya tiniis niya ang lahat ng sakit sa tuwing sila ay magkakasama. Wala ni isang mang may alam na nasasaktan siya.

Naging maganda pa rin naman ang relasyon nilang tatlo. Close pa rin sila ni Jude. Sa katunayan sa kanya ito pumupunta kapag nagkakaproblema ito at si Charlyn.

Everything was okay until that one fateful night that changed the course of their lives forever…

*God, what should I do?* Kanina pa siya nakahiga sa kama niya pero hindi pa rin siya dalawin ng antok. Iniisip niya kung paano niya haharapin ang araw-araw na pagtatrabaho na kasama si Jude.

Ayos lang sana kung wala itong kimkim na galit sa kanya. Ngunit sa ginawa nitong pagtitig kanina, nakuha na niya ang mensahe na hanggang ngayon ay napopoot pa rin ito sa kanya.

Bukod doon, dahil sa kanilang muling pagkikita ni Jude matapos ang mahigit walong taon, ay naipamukha nitong wala pa ring nagbago sa damdamin niya para rito. Ito pa rin ang lihim na sinisigaw ng puso niya. At iyon ang higit niyang ikinatatakot.

# 2

Unang araw ngayon ng pagtatrabaho ni Jude. Kanina pa hindi mapakali si Erin. Maagang dumating ang binata at pinapapunta silang lahat sa pribadong office nito na kasing-laki halos ng office nila sa labas.

"Basta umarte ka lang nang normal. Huwag mo siyang bigyan ng kumpirmasyon na guilty ka sa mga paratang niya sa 'yo," paalala ni Agnes habang nakaupo sa magkakalapit na desk nila.

Simula nang mapag-alaman niyang si Jude ang bagong SD ay hindi na siya natahimik. Masyado siyang kabado kaya pinapangaralan siya ni Agnes.

Iniisip niya kung ano ang mangyayari kapag nagkasarilinan sila ng binata. Hindi pa man ay nangangamba na si Erin. Hindi kasi malayong mangyari iyon lalo kapag kailangan nilang magsama sa pakikipag-meeting sa isang kliyente. O di kaya sa pag-attend sa mga social gatherings for business purposes gaya ng ginagawa nila dati ni Sir Jaime.

"Relax ka lang, 'andito naman ako, eh. Subukan ka lang saktan ng mokong na iyon at lagot siya sa akin." Pabiro pa nitong ikinuyom ang mga palad.

"Agnes, natatakot talaga ako. Nararamdaman kong galit pa rin siya sa akin." Nasa tono ni Erin ang pag-aalala.

"Simple lang naman kasi ang solusyon sa problema mo, di ba? Ikaw lang ang may ayaw na gawin." Ang tinutukoy nito ay ang pinayo nito sa kanya na komprontahin niya ang binata. Pero hindi pa siya handa roon.

"Hindi gan'un kadali ang lahat, Agnes. Maraming dapat isaalang-alang," malungkot niyang turan.

---

"We have a high target revenue for this month. Nangangalahati na tayo sa buwan pero di pa rin natin nakukuha ang fifty percent of the expected income. We all have to work harder." Sinuyod ng tingin ni Jude ang bawat staff.

Pinipilit ni Erin na hamigin ang sarili. Kahit mahirap ay pilit niyang sinasalubong ang mga mata ni Jude na mas lalong nagpapakaba sa kanya. Ewan kung iyon ay dahil hindi niya maarok kung ano ang tinatakbo ng utak nito sa ngayon.

"Let us continue working as a team even if each of you has its own quota. Huwag nating kalimutan na iisa lang ating adhikain," Jude said with much

passion.

Muli ay nagtama ang mga paningin nila pero naunang nagbawi ng tingin si Erin; hindi niya kayang makipagtitigan dito. Tila kasi nanunumbat ang mga mata nito.

Matapos magtanong-tanong ni Jude tungkol sa mga guests booking at group booking functions ay nag-dismiss na ito ng meeting.

"Erin, I want you to stay. May pag-uusapan lang tayo," kaswal nitong sabi.

Natigil si Erin at halos mataranta sa narinig. Pinisil ni Agnes ang kamay niya at pinandilatan siya. Tila ipinaalala sa kanya na huwag siyang mataranta. God! Ngayon na ba mangyayari ang kinatatakutan niya?

Nakahinga siya nang maluwag dahil tungkol sa trabaho ang pinag-usapan nila. Umiral ang pagiging propesyonal ni Erin. Isinantabi niya ang personal na problema sa lalaki. Bagaman natutuwa siya dahil sibil ito sa pakikitungo sa kanya ay nalulungkot pa rin siya. Masyado itong malamig sa kanya. Umaarte itong parang ngayon lang sila nagkakilala.

Ngunit pilit man itago ng binata ay nakikita niya pa rin sa mga mata nito ang malaking galit sa kanya.

Batid niya na darating ang araw na kailangan niyang harapin ang galit nito na nag-ugat sa pagkamatay ni Charlyn—ang pinakamamahal nitong kababata nila at dating nobya ni Jude.

---

Ang mga sumunod na araw ay lubhang napakahirap para kay Erin. Awkward ang kanilang sitwasyon ni Jude dahil nakiayon na rin siya sa pagpapanggap nito na hindi sila dating magkaibigan.

Mas mabuti na rin iyon sa tingin niya. At least, pinakikitungahan siya nito nang maayos lalo na sa harap ng ibang tao. Magkagayonman, ramdam pa rin niya ang tila nakaharang na pader sa pagitan nila.

Katulad na lang nang hapong iyon. Katatapos lang ng meeting nila kasama ng executives ng pinakamalaking TV network sa bansa, at masaya sila na na-close nila ang deal. Sa hotel nila mag-i-stay ang mga taga-probinsya na contestants ng bagong show ng mga ito. Next meeting, magkakapirmahan na sila ng contract.

"Dito ka na sa harap maupo para hindi ako mapagkamalang driver mo," untag ni Jude nang marating nila ang kotse nito at pagbuksan siya ng

pinto.

Palihim na nangiti si Erin at kinikilig nang kaunti dahil gentleman pa rin ito sa kabila ng lahat. Dahil inakala niyang maganda ang mood nito ay nagtangka siyang makipagkuwentuhan dito.

“Kumusta na sina Tita Flor at Tito Armando?” tukoy niya sa mga magulang nito ngunit hindi ito sumagot at pinaandar ang sasakyan paalis sa restaurant. “Wala ba silang balak na bumalik dito sa Pilipinas?” pagpapatuloy niya. “Saka si Ate Lailani mo, nakapag-asawa na ba siya? May naipalit na ba siyang Amerikano kay Ricky?” Naghihintay siyang sumagot ito pero hindi ito umimik at nanatiling nakatingin sa daan.

Napatingin sa labas ng kotse si Erin at nagpasyang huwag nang magsalita pa. Parang dinurog ang puso niya sa pagkapahiya.

“Maayos naman ang kalagayan nina Mama at Papa. At nakapag-asawa na si Ate pero Pinoy din na doctor sa isang hospital sa LA,” tipid na sagot ng binata mayamaya.

Gustong maglulundag sa tuwa ni Erin dahil sa wakas ay sumagot ito. But it was just a brief joy dahil bago pa man siya nakapagsalitang muli ay nagsungit

na uli ito.

“I’m not in the mood for a chitchat, Erin, kaya kung puwede huwag mo akong kausapin. At saka ayoko nang nakikipagkuwentuhan habang nagmamaneho.”

Napalis ang ngiti sa labi niya. Alam niyang nagsisinungaling ito dahil noon ay nagagalit ito kapag tinutulugan nila ni Charlyn habang nagmamaneho ito kasi nabo-bore daw ito.

Para namang nabasa ni Jude ang tinatakbo ng utak niya. “Everything changes. Nagbago na ako,” makahulugang sabi nito.

Huminga uli nang malalim si Erin. Inihanda niya ang sarili sa komprontasyon. “Hanggang kailan mo ba ako sisisihin sa pagkamatay ni Charlyn?” ungkat niya sa isyu na ikinagulat ni Jude.

“I don’t want to talk about that either, Erin.” Tumiim ang bagang nito.

“Kailan natin pag-uusapan? You left for L.A. without even talking to me about it.” Nag-iinit na ang kanyang mga mata. “This can’t go on, Jude. Masyado na akong nasasaktan.”

“Nasasaktan ka?” sarkastikong ulit nito. “Good

to hear that. Kasi kung nasasaktan ka sa mga pangyayari, mas higit ako. Hindi mo lang alam kung gaano kasakit dito," turo nito sa dibdib.

"Bakit ba ako ang sinisisi mo sa pangyayaring hindi ko rin naman ginusto? What happened was an accident," aniya sabay tulo ng mga luha niya. Despite her own pain, naroon ang awa niya dahil sa nakikitang sakit sa mga mata ng binata.

"An accident that should've never happened kung hindi ka nagpumilit na pumunta sa stupid birthday party na iyon," he said angrily. "Buhay pa sana si Charlyn ngayon."

"But you don't know exactly what happened. It was—"

"And what do you mean by that, Erin?" putol nito sa sasabihin niya. "Ano ang hindi ko alam?" sigaw nito at pinukol siya ng masamang tingin.

Natahimik si Erin. Nagtatalo ang kalooban niya kung ano ang sasabihin kay Jude.

"What now, Erin? Nahihirapan ka bang humabi ng kasinungalingan para papaniwalain akong wala kang kasalanan?" sarkastiko nitong tanong. "I don't need your damn lies!" bulyaw nito.

Nagbaba siya ng tingin habang walang tigil sa pag-iyak.

Hindi na niya kayang tagalan ang talim ng mga mata nitong panakaw na sumusulyap sa kanya na para bang isa siyang kriminal na dapat bitayin o ipa-death squad.

“Kasal na sana kami ni Charlyn ngayon at masayang nagsasama. Eight years old na dapat ang anak namin.” Gumaralgal ang boses nito. “But you killed her and our child.”

Umiling-iling si Erin while her tears kept flowing. “No! Please stop blaming me, Jude.”

“You killed my dreams and ruined my life,” naluluhang saad ng lalaki. “Huwag kang magtaka kung namumuhi ako sa ’yo nang ganito. Nagpakalayo na nga ako para iwasang sumbatan ka pero sadyang maliit ang mundo. Pinagkrus muli ang landas natin. Kapwa-tawad na lang tayo.” Huminga ito nang malalim.

Napahagulhol na ang dalaga. Ang sikip-sikip ng dibdib niya sa sobrang sakit. Patuloy siya sa lihim na pagluha habang tahimik na nitong itinuloy ang pagmamaneho.

Makaraan ang ilang sandali ay narating nila ang

hotel. Dali-dali siyang lumabas ng kotse hindi pa man ito nakakapag-park sa basement. Dumerecho siya sa comfort room malapit sa elevator at doon ipinagpatuloy ang pag-iyak.

---

Umuwi si Erin na mabigat ang kalooban. Mabuti na lang at hindi napansin ni Agnes ang pamamaga ng mga mata niya. Hindi na bumalik sa office si Jude matapos ang sagutan nila sa kotse.

Matagal na siyang nakahiga sa kama pero hindi niya nagawang makatulog. Iniisip niya kung hanggang kailan niya kayang pagtiisan ang mga nangyayari. Mag-iisang linggo pa lang silang nagkakasama sa kompanya pero parang gusto na niyang mag-resign dahil sa paghihirap ng kalooban niya. Pero ayaw niya namang gawin iyon sapagkat parang tinanggap na niya ang mga paratang nito.

Hindi na mapigilan ni Erin ang pagdaloy ng utak sa nakaraan na nagtulak kay Jude upang kamuhian siya. Isang malagim na gabing nagpabago ng kanilang samahan at buhay…

---

*Third year college na sila noon. Mag-a-alas-doce 'y media na noon ng hatinggabi pero binabagtas pa ng*

*matalik na magkaibigang Erin at Charlyn ang daan pauwi. Kagagaling lang nila sa isang birthday party ng kaklase nila. Hindi nakasama si Jude, ang boyfriend ni Charlyn at matalik din nilang kaibigan, dahil na-sprain ang ankle nito sa paglalaro ng basketball kahapon at hindi makalakad nang maayos. Ayaw sana nitong payagan silang dumalo pero wala itong nagawa sa pagpipilit nila.*

*Ngunit hindi kagaya ng dati, wala ang masayang kuwentuhan nila ni Charlyn. Lasing na ang kaibigan niya at walang tigil sa pag-iyak. Siya na nga ang nagmaneho ng kotseng dala nito at nakikinig na lang sa pagdadalamhati ng kaibigan.*

*Mayamaya ay may hinugot si Charlyn sa kanyang handbag at laking-gulat ni Erin nang makita iyon—baril!*

*"Ibigay mo sa akin iyan, BF," nahintakutang aniya. "Paano ka nagkaroon niyan, ha? Charlyn, kung ano man iyang iniisip mo, huwag mo nang ituloy. Hindi iyan ang solusyon sa problema mo!" sigaw niya kahit na natatakot na siya sa maaaring mangyari.*

*Walang sagot ang babae. Patuloy lang ito sa pagpalahaw ng iyak. Gusto nitong magpakamatay dahil sa nangyari sa party kanina at bilang kaibigan nito, hindi niya papayagang mangyari iyon.*

*Pasulyap-sulyap si Erin dito habang naghahanap ng paparadahan. Aktong itatabi na niya ang kotse sa gilid ng kalsada nang sumigaw ang kaibigan at binalaan siya para huwag ihinto ang sasakyan. Tutol man ay sinunod na lang niya ito dahil baka mas lalo lamang itong magwala.*

*"BF, please ibigay mo na sa akin ang baril. 'Andito ako, magtutulungan tayo para solusyonan ang problema mo," naluluhang sabi ni Erin dahil sa awa sa kaibigan.*

*Sa garalgal na tinig ay tinuran nito, "Ayoko na. Di ko na ito kaya, BF. Hindi ko na alam ang gagawin ko… Patawarin mo ako."*

*Nanlaki ang mga mata ni Erin dahil iniumang nito ang dulo ng baril sa sentido nito at akmang iputok na.*

*"Huwag!" sigaw ni Erin.*

*Dinukwang niya ang pagitan ng upuan nila ni Charlyn upang pigilan ito sa gagawin. Nagsisigaw ito at nag-agawan silang dalawa sa baril. Nagpagewang-gewang ang kotse nila subalit patuloy pa rin sila sa pag-aagawan. Hindi nila napansin ang isang kasalubong na kotse.*

*Huli na para iiwas ni Erin ang sasakyan. Napasigaw*

*sila at kasunod niyon ang isang napakalakas na salpukan na pumunit sa katahimikan ng gabi.*

*Nagawa niyang makaligtas sa aksidente ngunit sinawing palad si Charlyn. Ironic dahil inililigtas niya ang babae sa pagpapatiwakal pero namatay rin naman ito sa aksidente. Napakasakit noon para sa kanya dahil feeling niya nabigo siyang iligtas ito sa kamatayan.*

*Lubhang malakas ang pagkakauntog ng kanyang ulo sa manibela ng kotse kaya wala siyang malay for three days.*

*Maliban sa mga pasa at sugat sa noo ay wala na siyang iba pang natamong pinsala pero dumaan pa ang dalawang araw bago siya pinayagan ng doctor na lumabas.*

*Huling gabi na ng lamay ni Charlyn nang makapunta si Erin, kasama ang inay niya. May benda pa rin siya sa ulo noon. Subalit nasorpresa siya sa naging pagsalubong sa kanya ni Tita Amy, ang ina ni Charlyn.*

*"Ano'ng ginagawa mo dito? Ang kapal ng pagmumukha mong pumarito pagkatapos ng nangyari sa anak ko!" Nanlilisik ang luhaang mga mata ng ginang sa kanya.*

*"Tita, hindi ko po kayo maintindihan," ani Erin.*

*"Ikaw ang pumatay kay Charlyn! Kasalanan mo'ng lahat ito. Kung hindi ka sana nag-aya at nagpumilit na dumalo sa birthday party na iyon buhay pa sana ngayon ang anak ko," nanggagalaiting tungayaw ni Tita Amy habang pigil-pigil ng asawa nitong si Tito Edwin.*

*Yanig ang kanyang pagkatao sa bintang ng babae. "Hindi po. Wala akong kasalanan, Tita. Aksidente po ang nangyari."*

*"Amelia, naiintindihan kita sa nararamdaman mo. Pero mali naman 'atang isisi mo sa anak ko ang nangyari. Hindi niya iyon ginusto. Lahat tayo, hindi ginusto ang nangyari kay Charlyn," malumanay na pagtatanggol ng inay niya.*

*"Helen, hindi mo alam kung gaano kasakit mawalan ng anak. Kaya huwag mong sabihing nauunawaan mo ako!" mariing sagot ni Tita Amy.*

*Lumapit sa kanya si Jude—ang taong alam niyang higit na nasasaktan ngayon. Kitang-kita sa mukha nito ang labis na pagdurusa. Mahigpit siyang hinawakan nito sa kanang braso. "Ang mabuti pa umalis ka na lang, Erin."*

*Nangingilid ang luha sa kanyang mga mata "Pati*

*ba naman ikaw? Ako rin ang sinisisi mo, BF?" Ang titig nito ay sapat na para makuha ni Erin ang sagot sa tanong niya.*

*"Buntis si Charlyn nang mamatay, Erin! Alam mo ba iyon? You killed her and our child!" paasik nitong bulong sa kanya para hindi marinig ng ibang naroroon.*

*Napaiyak si Erin. Nakabalatay sa mukha ni Jude ang matinding galit at sakit na nararamdaman. At mas higit siyang nasasaktan sa paghihirap nito.*

*"J-Jude…" pautal niyang tawag habang walang tigil ang pagdaloy ng luha sa kanyang mga mata.*

*Ayaw sana niya pero umalis na lang silang mag-ina upang iwasan ang gulo. Nang ilibing si Charlyn ay napagdesisyunan ni Erin na ibaon kasama nito ang lihim na kaakibat ng kamatayan nito. Hindi niya kayang makitang lalong nasasaktan ang mga iniwan nitong mahal sa buhay—lalo na si Jude.*

---

Hindi maiwasan ni Erin na mapaluha tuwing naaalala ang mapait na nakaraan. Masakit isiping sa kanya isinisisi ang pagkamatay ni Charlyn. Dahil ang totoo ay inililigtas lang niya ang kaibigan sa tiyak na kapahamakan.

Makaraan ang isang buwan matapos ilibing si Charlyn ay nag-migrate ang pamilya nina Jude sa Los Angeles kung saan nagtatrabaho ang kapatid nitong si Lailani. Doon na ipinagpatuloy ng binata ang pag-aaral ng kolehiyo at hindi na tinapos ang mga natitirang araw para sa semester sa eskuwelahan nila. Umalis ito nang hindi sila nagkausap at ni hindi nagpaalam man lang.

Sumunod na umalis ay ang mga magulang ni Charlyn na nagpasyang manirahan sa Davao. Hindi na niya nakita ang mga ito matapos niyon.

Sa mga naganap, lubha siyang nahirapan at nagdusa. Tanging ang ina niya ang nakakaalam at nakakaintindi ng lahat. Walang kamalay-malay ang ama at kapatid niya sa mga nangyari. Ang buong akala nito nasaktan lang siya nang labis sa pagkamatay ng kaibigan kaya siya malungkot at laging umiiyak.

Sa muli nilang pagkikita ni Jude, nalilito siya kung ipapaalam dito ang totoong nangyari noon. Ang lihim na magbibigay-liwanag sa mga pangyayari na naging dahilan ng pagkaaksidente nila ni Charlyn.

Naguguluhan si Erin sa kung ano ang dapat gawin. Ganunpaman, nakakapa niya sa damdamin ang saya dahil nakikita niya ang binatang patuloy

na idinadambana ng kanyang puso.

Akala nga niya nakalimutan na niya ito. Naisip na nga niyang turuan ang sarili na limutin ito sa pag-aakalang hindi na niya ito makikita pang muli. Ngunit sutil ang puso niya. Nakaukit na ito sa puso niya, alam niya.

# 3

Maagang nagising si Erin kahit hindi gaanong nakatulog nang nakaraang gabi. Pumasok siya sa banyo, nagmumog at saka naligo. Matapos magbihis ay nag-almusal na siya. Tinapay at fresh milk lang talaga siya sa umaga. Busog na siya sa ganoon.

Sa apartment na iyon na naninirahan si Erin simula noong lumuwas ng Maynila at magtrabaho. Umuuwi lang siya sa Cavite every weekends para mabisita ang mga magulang na kapwa retired teachers na. Ang nakababata niyang kapatid na si Marie ang kasama ng mga ito. Isa rin itong guro sa pribadong paaralan doon.

Katamtaman ang laki ng unit niya. May isang maluwang na kuwarto, sariling banyo, dirty kitchen, saka pinaghalong salas at dining area. Tamang-tama ito para sa tulad niyang mag-isa lang nanirahan. Puwede sana siyang kumuha ng makakasama para may makahati sa upa dahil medyo may kamahalan ang renta. Pero mas gusto niyang mayroon siyang privacy.

Marami na siyang naipundar na gamit at appliance kagaya ng refrigerator, TV set, DVD player

with component, at ang next project niya ay aircon. Sarili niya kasi ang sahod niya na may kalakihan din naman. Paminsan-minsan, nag-aabot siya ng pera sa parents niya, kahit sapat na ang pensyon na natatanggap ng mga ito buwan-buwan.

Umalis na agad si Erin matapos mag-breakfast. Kapag ganitong maaga pa ay walang gaanong traffic kaya mabilis siyang nakarating sa hotel. Isang sakay lang iyon mula sa tinutuluyan niya.

Hindi na niya kinailangang maghintay nang matagal sa elevator dahil eksaktong nasa ibaba iyon pagdating niya. Madalian siyang lumulan doon at pinindot agad ang close button. Pero natigil ito sa tuluyang pagsara at pumasok ang humabol na sasakay na sa tila pagbibiro ng pagkakataon ay si Jude pa.

"Good morning, Sir," alanganing bati ni Erin.

*Diyos ko po, bakit kailangang magsabay pa talaga kami dito? Sinasadya N'yo po ba ito?* palihim niyang daing sa Diyos. Si Jude ang pinakahuling taong gusto niyang makasabay sa elevator. Wala pa namang ibang nakasakay maliban sa kanilang dalawa.

Ngunit hindi mapigilan ni Erin na palihim na

sulyapan ito. As usual, guwapo na ito sa suot na semi-barong polo na kulay navy blue. Amoy na amoy niya ang bango nitong suwabeng nanunuot sa kanyang ilong na tila nang-aakit sa kanya. Hindi niya namalayan na napatagal pala ang pagtingin niya kay Jude kaya sa bigla nitong paglingon sa kanya ay nahuli siya nitong nakatitig.

Agad niyang binawi ang tingin. Patay-malisya siyang tumingin sa mga buttons. Pakiramdam niya ay napakabagal ng pag-usad ng elevator. Gusto niya nang lumabas dahil nate-tense siya sa presensya ng kababata.

Sa wakas, huminto ang elevator sa fourth floor. Naghanda na si Erin sa paglabas. Kumunot ang noo niya nang makaraan ang ilang sandali ay hindi pa rin bumubukas ang pinto. Mayamaya ay namatay ang ilaw sa loob.

*Oh, no! Nag-brown-out pa yata.*

Napasulyap siya sa gawi ni Jude na kampanteng nakatayo habang nakabulsa ang mga kamay. May sariling generator ang hotel nila kaya alam nilang magbubukas din iyon mayamaya. Ngunit lumipas na siguro ang tatlong minuto, hindi pa rin bumubukas ang pinto ng elevator.

Nagsisimula nang mataranta si Erin. Pinagpapawisan na siya dahil umiinit na sa loob. Para siyang kinakapos sa paghinga. Unti-unting lumukob ang takot sa dibdib niya.

Claustrophobic kasi si Erin. Mayroon siyang phobia na nangyayari kapag nakakulong siya o hindi makalabas sa isang silid. Kagaya ng sitwasyon niya ngayon.

Nagsimula ang sakit niya noong elementary pa siya. Naglalaro sila ng taguan nina Jude at Charlyn sa paaralan nila. Naisipan niyang magtago sa principal's office nang makitang bukas ito at walang tao. Hindi sinasadyang naikandado ito ng principal dahil may lakad pala ito. Medyo tago ang office at nataon pang wala masyadong nagagawi roon nang araw na iyon. Nag-panic talaga siya noon hanggang sa mawalan siya ng malay. Mahigit dalawang oras siyang nakakulong sa office. Nagawa niyang makalabas dahil sa paghahanap ng mga kaibigan niya at nag-aalalang mga magulang na talagang ipinasuyod ang buong eskwelahan.

Napakislot si Erin nang maramdamang hinawakan siya ni Jude sa balikat. Kahit anong pigil niya ay hindi niya makontrol ang panginginig sa takot.

"Erin, are you all right?" may pag-aalalang tanong ng binata.

Hindi siya tuminag. Para siyang nabato sa kinatatayuan. Gusto niyang sumagot pero parang hindi niya magawang ibuka ang bibig sa sobrang kaba.

"Oh, my God! You're shaking!" Agad siyang niyakap nito na ikinagulat ni Erin. "Shh… calm down." Batid nitong inaatake siya ng phobia niya. "I'm here. Makakalabas din tayo dito. Wait, I'll call Erwin," tukoy nito sa chief engineer ng hotel.

Inilabas nito sa bulsa ang mamahaling cellphone.

"Dammit! Unattended ang phone ni Erwin," anito pagkatapos ay nag-dial uli ng ibang numero. "Jesus, what's happening to them? Hindi rin sumasagot si Diane," tukoy nito sa secretary ng General Manager nila. Galit na ang boses nito.

Sa naririnig kay Jude ay mas lalong nadadagdagan takot ni Erin. Mahigpit pa rin siyang yakap-yakap nito.

"Erin, don't be afraid. Just breathe. Inhale… exhale," utos nito sa kanya nang sumuko sa pagtawag sa mga kasamahan. "Erin, look at me…" Niyuyugyog siya nito sa magkabilang balikat. Nasa pananalita

nito ang pagkataranta dahil sa pag-aalala sa kanya.

Unti-unting umiikot ang paningin ni Erin. Blurred na ang tingin niya sa maamong mukha ni Jude. Hanggang sa hindi na niya nakayanan at tuluyan na siyang nawalan ng malay.

---

Nagising si Erin na nasa isang ospital. Pagmulat ng kanyang mga mata ay nakita niya si Jude na nakatayo malapit sa pintuan at si Agnes na agad siyang nilapitan.

"My goodness, Erin. Pinakaba mo kaming lahat. Ang tagal na nating magkaibigan pero hindi ko alam claustrophobic ka pala." Hinaplos nito ang mukha niya. "Buti na lang at kasama mo si Sir. Kundi baka kung ano na pala nangyari sa 'yo sa loob."

"Inaatake lang naman kasi ako nito kapag may threat na ma-lock ako sa isang lugar." Mabuti na ang pakiramdam niya bagaman medyo nanlalambot pa.

Ngayon lang ulit ito nangyari sa kanya matapos noong biruin siya ni Jude noong high school sila na i-lock sa kuwarto niya. Hinimatay rin siya that time. Grabe ang pagsisisi ni Jude sa nangyari noon.

"Ano, okay ka na ba? Wala ka na bang

nararamdamang kakaiba?" tanong ni Agnes.

"Okay na ako. Sana nga hindi n'yo na lang ako dinala dito sa ospital," sagot niya.

"Si Sir Jude ang may gusto na dalhin ka dito."

Napatingin siya sa binata na mataman pala siyang pinagmamasdan habang kausap niya si Agnes. Bigla siyang na-conscious. Bumilis ang tibok ng puso niya sa pagkakatitig nito.

"Mauna na ako, Erin. Si Sir na lang ang bahala sa 'yo. May imi-meet kasi akong client sa hotel mamaya lang kaunti kaya kailangan ko nang bumalik doon," paalam nito.

Pagkatapos masigurong okay na talaga siya ay umalis na nga si Agnes. Naiwan silang kapwa tahimik ni Jude. Ilang sandali silang parehong nagpapakiramdaman.

"Thank you sa pagdala mo sa akin dito," sabi niya nang hindi na matiis ang nakakabinging katahimikan.

"Hanggang ngayon pala, may phobia ka pa ring makulong," seryosong sabi nito habang papalapit sa higaan niya.

Gusto sana niyang sabihin na kung ang mga

bisig nito ang magkukulong sa kanya ay hindi siya matatakot. But of course, hindi niya iyon magagawang ibulalas. Ang hiya niya lang kung nagkataon.

"Oo nga, eh. So puwede na ba akong lumabas?" ani Erin na mas lalong lumalakas ang pintig ng puso sa paglapit nito.

"If you're completely fine, then, I guess there is no need for you to stay here longer."

"I feel okay now."

Hinaplos nito nang marahan ang buhok niya. "Sige, aayusin ko muna bill mo," anito sabay labas.

Naiwan siyang mas lalong nanlalambot sa ginawa ni Jude na paghaplos sa kanya. Sa nangyari ngayon, napatunayan niyang may chance pang maibalik sa dati ang lahat. Kailangan lang siguro niyang maging pasensyosa. Sapat na sa kanyang nag-aalala pa rin ito sa kanya sa kabila ng galit nito.

---

Nagpumilit si Jude na ihatid siya sa bahay sa kabila ng pagtanggi niya. Iniutos kasi nitong magpahinga na lang muna siya nang araw na iyon at kinabukasan na bumalik sa pagtatrabaho.

Bago makarating sa kanila, idinaan muna siya ng binata sa isang fast-food chain at inayang magmerienda. Umorder sila ng cheeseburger na simula pa noong mga bata sila ay pareho nilang paborito. Kung minsan nga naiinis na noon sa kanila si Charlyn dahil iyon at iyon ang inoorder nila kada magkakayayayaang magmerienda. Hindi sila nagsasawang kainin ito.

Nang makaupo sa isang pandalawahang mesa matapos mag-order ay agad nilang inumpisahan ang ritwal nilang nakasanayan bago kainin ang burger.

Nagkatinginan muna sila ni Jude at nagngitian.

May kakaiba silang style sa pagkain nito. Nilalagay nila ang fries na parang filling sa burger. Ina-arrange nila ito nang pahalang saka nilalagyan ng ketchup at mayonnaise sa ibabaw ng fries. At kakatwa pa kasi magpapalit sila ng burgers ni Jude. Kakainin niya ang gawa nito at ito naman ang kakain sa gawa niya. Weirdo talaga sila.

Napahagalpak silang dalawa ng tawa pagkatapos ulitin iyon. Maraming bumabalik na magagandang alaala sa kanila. Iyong mga kulitan at asaran nila dati.

Ang sarap pakinggan ng tawa ni Jude. Para

iyong musika sa pandinig ni Erin. Ito ang unang pagkakataong narinig niya itong tumawa after so many years.

"Na-miss ko ito. Iyong palagi tayong magkasama, nagkukuwentuhan, naghaharutan at nagkakasiyahan," seryosong saad ni Erin nang humupa ang tawanan nila. "Sana mabalik 'yong dati nating samahan."

Biglang nablangko expression sa mukha ni Jude. Ramdam ni Erin ang pagbalik ng pader na sadyang iniharang nito sa pagitan nila. Namayani ang katahimikan.

"Let's eat.  Para maihatid na kita," anito mayamaya.

Gusto pa sana niya itong kausapin pero hinayaan na niya ito. Masaya na siya na magkasama sila ngayon. Pinaalalahanan niya ang sarili na maging matiyaga lang at bigyan ng sapat na panahon si Jude. Tiyak na maiisip din nitong wala siyang kasalanan sa mga nangyari at mawawala ang galit nito sa kanya.

Tahimik nilang kinain ang burger. Hindi na sila uli nagkibuan hanggang sa maihatid siya nito sa apartment niya.

# 4

Matagal na siyang tapos sa pagbibihis subalit nag-aalangan pa rin siyang lumabas ng kuwarto. She looked at her reflection again in the mirror and she liked what she saw. Her black velvet backless dress gave a nice contrast to her silky white skin and emphasized her voluptuous body. The long slit on one side flaunted her long legs.

Ang damit na ito ay regalo ni Agnes sa kanya last year noong mag-birthday siya at ngayon pa lang niya ito maisusuot. Ang kuwintas ang tangi niyang accessory na bumagay sa bare niyang leeg. Nilugay niya ang hanggang balikat na buhok at naglagay ng kaunting makeup. Ewan pero gusto niyang maging maganda sa paningin ni Jude kahit ngayong gabi man lang.

Kanina pa niya tinitingnan ang sarili at iniisip niyang magpalit dahil feeling niya ay napaka-revealing ng kanyang suot. Pero nag-decide na huwag na lang dahil baka naiinip na si Jude na naghihintay sa kanya sa salas. Ito ang nagprisintang sunduin siya na lubha niyang ikinatuwa.

Ngayong gabi ay may dadaluhan silang social

gathering sa *Manila Peninsula Hotel* sa Makati para sa product launching ng kanilang regular client na si Mr. Armando Go. Inimbita ang kanilang kompanya at silang dalawa ni Jude ang magiging representatives.

She inhaled deeply and managed to get out of her room. Nakita niyang nakaupo si Jude sa sofa at nagbabasa ng magazine. Napigil niya ang paghinga nang magtaas ito ng tingin at nagtama ang kanilang mga mata.

Napaawang ang mga labi nito habang tila wala sa sariling napatayo. Nakikita niya sa mga mata ng binata ang paghanga.

His intense stare just made her more uncomfortable but she couldn't take her eyes away from him either. Jude was gorgeous in his black tuxedo. Mas lalong lumakas ang sex appeal nito. Malagkit pa rin siyang tinitigan ng binata hanggang sa tuluyan na siyang makalapit dito. Ilang sandali sila sa ganoong posisyon na nagtitigan lamang.

"I never thought na makakapagsuot ka ng ganyan. Kung makikita ka ng dati nating mga kakilala at kaklase masasabi nilang di ka nga tomboy," anito. "You look very beautiful, Erin," sincere na puri nito.

Sumikdo ang puso niya sa narinig. Namula ang

kanyang pisngi. Naging blessing in disguise ang pangyayari sa elevator sapagkat matapos niyon ay medyo naging maayos na ang relasyon nila ni Jude. Hindi pa ito bumalik sa dati ngunit at least ngayon ay nagagawa na nilang magbiruan nang kaunti. She was optimistic na balang araw ay maghihilom nang tuluyan ang sugat na likha ng pagkawala ni Charlyn sa puso nilang dalawa.

“Thank you,” nahihiya niyang sagot. “Ikaw din napakaguwapo mo sa suot mo,” ganting papuri ni Erin.

“Napakasuwerte ko naman dahil ako ang makakasama mo ngayong gabi. Siyanga pala, di naman siguro magseselos ang boyfriend mo kung ako escort mo tonight, di ba?” pasimpleng tanong nito.

“Kung sana nga lang meron. Kaya lang walang magkamali,” kiming sagot niya.

Nasiyahan si Jude sa sagot ng dalaga. Matagal na itong curious kung may nobyo ba ang kababata pero nakahiyaan naman nitong tanungin siya.

Ang totoo maraming nanliligaw kay Erin pero agad niyang binabasted ang mga iyon dahil wala talaga siyang mapusuan isa man sa mga ito.

“Kung gan’un, bulag ang mga lalaking nasa paligid mo dahil hindi nila nakikita ang kagandahang nasa harap ko,” makahulugang saad ng lalaki.

Kinilig si Erin sa narinig at lalong lumakas ang tibok ng puso niya. “Ikaw talaga, bolero ka pa rin hanggang ngayon. Ang mabuti pa umalis na tayo at baka ma-traffic tayo sa daan,” aya niya. Masyado siyang nalulunod sa tuwa sa mga papuri nito.

Ngumiti ito at inilahad ang kaliwang braso sa kanya. Kumapit siya roon at umalis na sila ng bahay.

---

Nagsimula na ang party nang dumating sila sa venue ng party. Maraming taong dumalo gaya ng mayayamang businessman at ilang TV personalities. May iilan siyang nakikita na pamilyar ang mukha pero karamihan ay pawang hindi niya kilala.

Na-conscious si Erin dahil madami ang napatingin nang pumasok sila ni Jude sa bulwagan. Mahigpit siyang napakapit sa braso ng binata.

Sinalubong sila ni Jayson na anak ni Mr. Redoblado. Medyo close ito kay Jude kahit mas matanda ito ng dalawang taon sa pinsan. Chinito, guwapo at may kahawig itong local actor. May sarili itong car-retailing company at kilalang playboy.

Nakikita na ito ni Erin noon pa dahil madalas itong pumupunta sa hotel kapag may kailangan sa ama.

"Pare, mabuti at dumating ka na. We've been waiting for you." Napatingin ito kay Erin at gumuhit ang pilyong ngiti sa labi. "Hey, man, puwede mo ba akong ipakilala sa magandang binibini na kasama mo?"

"Oh, this is Erin Ignacio, sales supervisor ko," matabang na pagpapakilala ni Jude. "Haven't you met her before? Di ba madalas ka namang dumadalaw sa hotel?"

Inabot ni Erin ang kamay kay Jayson ngunit laking gulat niya dahil imbis na makipagkamay ay hinalikan ng lalaki ang likod ng palad niya.

"Yeah, I remember! God, is it really you, Erin? Wow, you look different and awesome tonight." Pinasadahan siya nito ng humahangang tingin.

"Thank you, Sir," magalang niyang sagot.

Umasim ang mukha ni Jude na hindi napansin ng dalaga. "Naku, 'insan, huwag mo nang isali si Erin sa mahabang listahan ng mga babaeng pinaluha mo," birong totoo nito.

"Ikaw talaga, di pa man ako nakakaporma ay siniraan mo na agad ako," sagot ni Jayson sabay tapik sa balikat ng pinsan. Pagkatapos, tiningnan siya nito. "Don't believe her, Erin. Naku, ipakilala ko muna ito sa mga business associates ko at baka kung ano pa ang masabi nito sa 'yo. Would it be okay kung iwan ka muna namin sandali?"

"Of course, Sir. Huwag n'yo po akong alalahanin," sabi ni Erin.

Alam niyang napilitan si Jude na iwanan siya dahil kailangan nitong maging acquainted sa iba't ibang personalidad na naroon sa party for business purposes.

Iginala niya ang paningin at naghanap ng mauupuan. Nakakita siya ng bakanteng table na medyo nasa sulok at naupo roon.

Matapos ang product launching at dinner ay nagsasayawan na ang ilan sa nakakaindak na tugtog sa dance floor ng function hall.

Muli niyang tinatanaw si Jude na kaumpok ng mga kalalakihang naguguwapuhan din naman subalit lumulutang talaga ito sa lahat. Magkasama silang kumain kanina subalit hinila na naman ito ni Jayson dahil may ipapakilala umano ulit.

May nakausap siyang kakilalang sales staff ng ibang hotel kanina pero umalis din agad ito at nagpaalam na uuwi na. Kaya naiwan uli siyang mag-isa sa table. Kaya nilibang na lang niya ang sarili sa lihim na pagtitig kay Jude na panakaw ding tumitingin sa gawi niya. Agad niyang ibinabaling sa ibang direksyon ang mga mata kapag ito ay aktong lilingon sa kanya.

Abala siya sa panonood kay Jude kaya hindi niya namalayang papalapit na pala si Jayson sa kanya.

"Hi, Erin! Can I join you?"

"Sure, Sir," gulat niyang sagot bagaman nakangiti.

"Erin, can you please drop the formalities? Just call me 'Jayson'." He smiled at her showing his white teeth na malamang kung ibang babae lang ay kinilig na.

"Kung iyon ang gusto mo, Jayson," alanganing banggit niya sa pangalan nito.

"Now, that's a lot better." His eyes sparkled. "Ahm, Erin, would you like to dance?" anyaya nito.

"Naku, parehong kaliwa ang paa ko," mariing tanggi niya.

“Di iyan problema dahil expert ’ata itong magiging partner mo pagdating sa sayawan,” birong pagmamayabang ni Jayson. “So shall we dance?” Napailing si Erin. Tanda niya ay noong PE class niya pa sa college siya huling nakapagsayaw.

“Please pagbigyan mo na ako.” Pinalungkot nito ang mukha at umarteng parang naiiyak.

Natawa si Erin. Tumayo na silang dalawa at nagpunta sa dance floor. Totoo nga ang sinabi nitong magaling itong sumayaw. Hataw na hataw ito sa pagsasayaw.

Madali niyang nakagaanan ng loob ang binata dahil cariñoso at palabiro ito. Hindi na siya nagtataka kung marami itong napapaibig na babae. Puwera lang siguro siya dahil nakalaan na ang puso niya sa iba. Sa isang taong hindi matugunan ang damdamin niya.

---

*Damn!* hiyaw ng utak ni Jude habang nakatitig sa nagsasayaw na sina Erin at Jayson. Wala ang konsentrasyon niya sa usapan ng mga kasamahan niya sa table. Hindi niya mai-explain ang iritasyon sa nakikita. Gusto niyang sugurin ang mga ito at ilayo ang dalaga sa kasayaw.

Nang magkita silang muli ni Erin ay talagang nagulat siya. Hindi niya akalaing magiging staff niya ito sa hotel. Sandali siyang nataranta dahil hindi siya handa sa pagkikitang iyon.

Aaminin niyang sa pagkikita nila ay muling nabuhay ang galit na kay tagal niyang kinimkim at nanariwa ang sugat na inakala niyang naghilom na. Lalo pa noong pilit nitong inuungkat ang nakaraan. Ngunit nang makita niya itong nasasaktan at umiiyak ay gusto niyang pagalitan ang sarili sa pinagsasabi niya rito. Gusto niya itong yakapin at payapain sa kanyang mga bisig.

Alam niyang galit siya rito, pero bakit ganito? Nalilito siya lalo na sa kakaibang paghangang nadarama niya para rito. She was beautiful in her executive uniforms. She was truly a picture of a lovely lady and he could no longer trace that tomboyish girl he knew before. Isa iyon sa ikinagulat niya—ang pagbabagong-anyo ni Erin. But he loved her looks now more than ever.

Noong una, ayaw niyang aminin ang attraction na nararamdaman para sa dating kaibigan pero kanina nang sunduin niya ito ay tinanggap na niya ang katotohanang iyon. Marahil kaya siya nagkaganito ay dahil malayo na ito sa Erin na nakilala niya dati.

Pero agad niyang sinita ang sarili at mas angkop na sabihing pinagnanasaan niya ito.

She was very seductive in her dress that he almost lost his control not to kiss her sensual red lips when he fetched her. He had thought of not going to this party and spending the night making love with her. Until now, his throbbing manhood was aching to have her.

Masyado nang pinapagulo ng babae ang utak niya. Bago pa maisip ni Jude ang gagawin ay agad na siyang tumayo at maayos na nagpaalam sa mga taong kaumpok. Sigurado ang mga hakbang niya patungo kina Erin at Jayson.

Tinapik niya sa balikat si Jayson nang makalapit. “Puwede ako naman, ’insan?”

Nag-aatubili man ay pumayag ito. “Sure.”

---

Bumilis muli ang tibok ng puso ni Erin nang makitang papalapit sa kanila si Jude. Tila may mga dagang nagtatakbuhan sa dibdib niya. She felt her body tense. Tila naman sinasadya dahil biglang naging sweet ang music.

Nanlamig ang kanyang mga kamay nang

hawakan iyon ni Jude para ilagay sa mga balikat nito. Halos hindi na siya makahinga sa tindi ng magkahalong excitement at kaba nang yapusin siya nito. Mas idinikit pa nito ang katawan niya sa sarili. Idagdag pang matiim itong nakatitig sa kanya.

Inihilig niya ang ulo sa balikat nito upang iwasan ang mga matang parang inaarok ang buo niyang pagkatao. Sandali lang siyang nag-alinlangan sa pagsasayaw nila dahil katagalan ay nag-i-enjoy na siya. Ang bango talaga ni Jude.

Naisip ni Erin ang ilang prom na lumipas na pinangarap niyang makasayaw ito nang ganito? It felt really good being locked in his arms.

She raised her head and caught him still staring at her. Oh, God… how she longed for this moment to happen! Sa sobrang kaligayahan ay hindi niya napigilan ang sariling mapaluha. Huli na para itago ang namumuong luha sapagkat nakita na ito ni Jude.

"What's wrong, Erin?" Nakabadha ang matinding pag-aalala sa mukha nito. Ibabaling sana niya ang tingin sa iba pero hinawakan nito ang kanyang mukha. Nakita nito ang pagdaloy ng luha sa pisngi niya. "Why are you crying?"

Niyakap siya nang mahigpit ni Jude at mas

lalo siyang napaiyak sa ginawa nito. "Shh… stop crying, Erin. Baka kung ano ang isipin ng mga taong nakakakita sa atin. Baka akalain nila, inaaway kita," pilit na pagbibiro nito.

Iniangat ni Erin ang luhaang mukha. "Just don't mind me, Jude. I just miss you, BF." Gumaralgal ang boses niya sa paggamit sa endearment nila noong magbabarkada pa sila.

Na-tense si Jude. Hindi dahil sa pagtawag nito sa kanya ng 'BF' kundi dahil sa pag-ibig na nakikita niya sa mga mata ng babae. He also saw longing, pain and emptiness. Muli niyang niyakap si Erin at hinayaang umiyak.

Nang patuloy pa rin ito sa pag-iyak ay iginiya niya ito patungo sa tagong lugar para maiwasang makita ito ng iba at mag-usyoso pa. Napagpasyahan ng binatang dalhin ito sa rooftop ng hotel.

Parang kinukurot ang puso ni Jude sa awa sa dalaga. Hindi niya alam kung ano ang naging dahilan ng pagluha ni Erin.

Yakap-yakap pa rin niya ito at hinagud-hagod ang likod nito hanggang sa medyo kumalma ito. Ang malambot na katawan ng babae ay dikit na dikit sa katawan niya.

*Damn!* he muttered under his breath. His manhood was starting to swell. At wala siyang magawa upang pigilin ang reaksyon ng tila may sariling pag-iisip na katawan niya, lalo pa at amoy na amoy niya ang bango ni Erin.

---

Humupa na ang emosyon ni Erin. Natigil na siya sa pag-iyak. Ninanamnam niya ang yakap ni Jude.

Then, she felt something hard against her stomach. Kahit birhen siya, alam niya kung ano iyong parang nabubuhay sa ibabang bahagi ng katawan ni Jude. Ilalayo sana niya ang sarili pero mas lalo siyang niyakap nito.

Nagtatakang tiningnan niya ang lalaki. At hindi siya maaaring magkamali, she saw passion in his eyes. Nalulungkot siyang isipin na pinagnanasaan lamang siya nito. Funny, pero ano ba ang ini-expect niya mula rito? Love?

His head bent slowly. Sandaling nataranta si Erin when she realized that he was going to kiss her. Tumigil ito nang may isang dangkal na lang pagitan ng mga labi nila. Parang tinatantya pa nito kung itutuloy ba ang gagawin.

Napalunok si Erin. Napatitig siya sa kissable

lips ng binata. She unconsciously wet her lips with her tongue. At narinig niyang napaungol si Jude sa ginawa niyang iyon. She waited in great anticipation until it happened. Tila tumigil ang pag-inog ng mundo when his lips brushed hers.

How many times did she dream of this? She was unprepared for this, but she just closed her eyes to savor the moment. Para siyang nanghihina sa sensasyong nararamdaman sa paghalik nito.

Erin opened her mouth and allowed his intruder tongue to explore inside. Napaungol sila pareho. Parang napakaimposible but it was really happening! Jude was kissing her passionately.

Humihingal sila pagkatapos. Isinubsob niya ang mukha sa dibdib ni Jude. Hindi niya mawari kung ano ang damdamin nito ngayon. Ramdam niyang naguguluhan din ito sa pangyayari. Tiningnan niya ito pero wala siyang makuhang sagot sa mukha nito.

Bakit siya hinalikan ni Jude? Ano ang ibig sabihin niyon? Maraming katanungang naglalaro sa isip niya pero takot siya sa magiging kasagutan niyon.

Nakakabinging katahimikan ang namayani sa kanilang dalawa. Kapwa sila nakatitig sa view sa

rooftop. Parehong nagpapakiramdaman.

"J-Jude, mauuna na siguro akong umuwi," aniya.

"H-hindi. I mean, ihahatid na kita sa inyo."

Nagpatiuna sa paglakad si Erin habang nakasunod sa kanya si Jude. Umalis sila nang hindi nakakapagpaalam kay Mr. Go o kay Jayson.

Tahimik silang pareho at panakaw na nagsusulyapan habang binabagtas nila ang daan patungo sa bahay niya.

Huminto ang sasakyan sa mismong tapat ng gate. Mag-a-ala-una na nang makarating sila sa apartment niya. Walang tumitinag sa kanila at parehong nag-aapuhap ng sasabihin.

"Thank you sa paghatid," naisip ni Erin na sabihin.

"Walang anuman," matipid nitong sagot.

"Ahm… baka gusto mo munang magkape sa loob," bigla niyang alok.

"Sure! I think I need that para hindi ako antukin sa biyahe ko pauwi," nakangiting sagot nito. Tila ba iyon talaga ang hinihintay nito na sabihin niya.

Pinaupo niya si Jude sa salas nang makapasok sa loob at nagtuloy sa kusina.

Sinubukan lang niya itong imbitahin dahil sa pag-aakalang tatanggi ito dahil nga medyo nagkailangan sila after what happened sa rooftop. Pero nagkamali siya ng sapantaha.

Now she was really nervous dahil sila lamang dalawa ang nasa bahay. Ano ba kasi ang pumasok sa kukote niya at inaya-aya pa niya itong magkape?

Nang matapos sa pagtimpla ay bumalik siya sa sala at naabutan niyang nakatitig sa kawalan ang lalaki. Inilapag niya sa table ang coffee.

Nagulat siya dahil pabigla siyang hinalbot ni Jude at bumagsak siya sa kandungan nito.

"Jude…." anas niya. Maraming beses siyang napalunok nang haplusin nito ang kanyang mukha at pinaglandas ang daliri sa mga labi niya.

"Erin, dapat magalit ako sa 'yo… pero bakit parang ang hirap gawin niyon. I don't know what spell you laid on me. I'll go crazy if I won't kiss you again now."

Hindi na siya nakapalag pa nang mapusok siyang hinalikan ni Jude. Muli niyang naramdaman

ang nakakaliyong sensasyon kanina. Tila nanghihina si Erin at naikawit niya ang mga kamay sa batok ng binata.

Tinutugon niya nang kasing-alab ang mga halik nito. Halos ginalugad ng dila nito ang lahat ng sulok ng bibig niya. Kapwa sila umuungol at walang sinuman ang gustong ihinto ang nangyayari.

Inihiga siya ni Jude sa sofa. Mayamaya, naramdaman niya ang isang kamay nito na mabining humahaplos sa isang dibdib niya.

"Jude…" impit niyang ungol when he toyed with her nipples.

Nagulat siya dahil nakahantad na pala ang dibdib niya rito. Balak sana niyang takpan iyon pero pinigil siya ng binata.

"No," tutol nito. "They are just like what I have imagined," puno ng pagnanasa na anas nito.

Hinalikan siya ulit nito. He kept teasing the outline of her breasts with his fingers. Pagkatapos, lumipat ang halik nito sa tainga niya, umabot sa leeg hanggang sa marating ang tunay na pinupuntirya.

Napaarko ang katawan ni Erin at nahatak ang buhok ng binata. His tongue just darted out to taste

her right taut nipple. She moaned when he suckled it while his hand was busy caressing her other breast. Tila siya isang diyosa na pinagpapala ni Jude.

Napaigtad siya nang dumapo ang palad nito sa kanyang hita at marahang humaplos doon.

"Erin! Hmm… I want you," bulong nito. "Let me have you, Erin! Let's go to your room."